SAN DIEGO COUNTY SUPERVISOR
TERRA
LAWSON-REMER
DISTRICT 3

COUNTY OF SAN DIEGO

# Immigrant Legal Defense Program (Programa ng Legal na Pagtatanggol para sa mga Imigrante, ILDP) ng San Diego County

## TUNGKOL SA ILDP

Noong 2021, itinatag nina Superbisor Terra Lawson-Remer at ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng San Diego ang Legal Defense Program (ILDP) ng San Diego County. Ang makasaysayang programang ito ay nagbibigay ng legal na representasyon sa mga imigranteng nakakulong at nahaharap sa deportasyon, upang matiyak ang karapatang pantao at pagiging patas sa mga proseso ng imigrasyon. Inilunsad ito noong Abril 2022 ng Office of Assigned Counsel (Tanggapan ng Itinalagang Abogado, OAC) sa loob ng Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol, at isinasagawa ang ILDP sa paraang walang kinikilingan.

Bilang isang rehiyon na nasa hangganan, tayo ang sentro ng nasirang sistema ng imigrasyon sa bansa. Ang sistema ng korte sa imigrasyon ay mabagal, labis na burukratiko, at puno ng pagkakamali at di-epektibong proseso. Iyan ang dahilan kung bakit itinatag ng Lupon ng mga Superbisor ang Immigrant Legal Defense Program - upang mapangalagaan ang konstitusyonal na karapatan sa patas na proseso at gawing mas mabilis at mas makatarungan ang ating sistema. Mula noon, nakatatanggap kami ng 17 tawag kada araw mula sa mga taong nakakulong sa San Diego County at kailangang harapin ang sistema ng imigrasyon na nangangailangan ng tulong.

## EPEKTO NG PROGRAMA

**2,500** katao ang nabigyan ng legal na representasyon mula noong 2022

**7,275** tawag ang natanggap mula sa mga indibidwal na naghahanap ng representasyon, katumbas ng **17** tawag kada araw

Halos naging triple mula **10%** tungong **28%** ang bilang ng mga kliyenteng nakakulong sa Otay Mesa na may legal na representasyon

**66%** ng mga kasong may kongkretong resulta ang nauwi sa pagkapanalo o pananatili sa bansa.

## MGA HALIMBAWA NG KASO

- Isang batang baklang lalaki ang tumakas mula sa El Salvador matapos siyang usigin ng mga gang at puntiryahin sa ilalim ng patakaran ng pamahalaan na "State of Exemption," (Kalagayan ng Pagpapaliban sa Pananagutan) kung saan ikinukulong ang mga pinaghihinalaang may kaugnayan sa gang. Binugbog siya ng pulis at paulit-ulit na ginahasa sa loob ng kulungan. Matapos tumakas patungong U.S., tinulungan siya ng ILDP na makalaya mula sa pagkakakulong, at ngayon ay ligtas nang naninirahan kasama ang pamilya sa Maryland.

- Isang refugee mula sa Cuba ang pinahirapan dahil sa kanyang pagtutol sa pamahalaan. Ipinagpatuloy niya ang kanyang aktibismo online pagdating sa U.S., dahilan upang siya'y maging puntirya sa ilalim ng bagong batas ng Cuba laban sa libelo. Iginawad ng isang hukom sa kanya ang proteksyon sa ilalim ng Convention Against Torture (Kombensyon Laban sa Pagpapahirap). Bagaman umapela ang Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad sa Pambansang Tahanan), pinalaya siya sa tulong ng ILDP at kasalukuyang naninirahan sa isang shelter sa Texas habang naghihintay ng kanyang permit sa pagtatrabaho.

---

## KWALIPIKASYON

a. Ang programang ito ay para lamang sa mga imigranteng nakakulong o kasalukuyang nasa ilalim ng katayuang Alternative to Detention (Pansamantalang Pagkakakulong) sa County ng San Diego.

---

## ISANG MENSAHE MULA KAY SUPERBISOR TERRA LAWSON-REMER

Apat na taon na ang nakalilipas, inilunsad namin ang Immigrant Legal Defense Program ng San Diego County na may matapang na layunin: tiyaking walang sinuman sa ating komunidad ang haharap sa banta ng deportasyon nang mag-isa dahil lamang sa kawalan ng kakayahang kumuha ng abogado.

Ngayon, ikinararangal kong ibahagi na ang programang ito ay nakapagbigay ng mahalagang legal na representasyon sa mahigit 2,500 indibidwal, bilang pagtatanggol sa pagiging patas, makatarungang proseso, at dignidad ng tao. Salamat sa dedikasyon ng aming mga katuwang na legal na organisasyon at suporta ng komunidad, tunay tayong nakagagawa ng pagbabago—pinananatiling buo ang mga pamilya at binibigyan ng pagkakataong manatili ang mga imigranteng kasama natin sa komunidad sa lugar na kanilang itinuturing na tahanan.

Ang programang ito ay higit pa sa pagbibigay ng legal na representasyon—ito ay para sa katarungan, pagiging patas, at makatarungang proseso. Habang pinagninilayan natin ang epekto ng programang ito, labis ang aking pagmamalaki sa mga nakamit natin at lalo akong determinado na palawakin pa ang napakahalagang gawaing ito sa mga susunod na taon.

**- Terra Lawson-Remer**
Lupon ng mga Superbisor ng San Diego County

**Para sa Karagdagang Impormasyon: Telepono: (619) 446-2883**
**Email: oac@sdcounty.ca.gov**
**Oras: Lunes - Biyernes | 8:00 AM - 5:00 PM**
**Linya ng Libreng Tawag sa Otay Mesa Detention: 1157#**